## Survey ng Hiroshima Prefecture sa Pamumuhay ng mga Bata

# 【Para sa mga mag-aaral sa junior high school】

- Ito ay isang survey na isinasagawa ng Hiroshima Prefecture upang suriin ang kalagayan ng pamumuhay ng mga bata sa Hiroshima Prefecture.
- Mangyaring sagutin ang survey na ito nang mag-isa. Hindi mo kailangang ipakita ito sa sinuman sa bahay o sa iyong guro sa paaralan, kaya huwag mag-alinlangang sumagot sa survey na ito.
- Huwag isulat ang iyong pangalan.
- Isulat ang iyong sariling mga saloobin at sagot. Walang tamang o maling sagot.
- Ang form na ito ay gagamitin lamang para sa layunin ng survey. Bukod dito, dahil hindi mo isinusulat ang iyong pangalan sa survey na ito, mananatiling anonymous ang iyong mga sagot.
- Mangyaring tumugon sa pamamagitan ng pagbilog sa kaukulang bilang.
- Mangyaring sundin ang mga panuto na ibibigay sa dulo ng talatanungan na ito, tulad ng "Bilugan ang isang sagot" o "Bilugan ang lahat ng naaangkop."
- Matapos punan ang survey form, ilagay ito sa isang dilaw na sobre at masusing isara gamit ang tape. Pagkatapos, ilagay ang pulang sobre kasama ang sobre ng iyong pamilya sa loob ng isang mas malaking sobre, sundin ang mga tagubilin na ibinigay ng iyong guro.
- Mangyaring magbigay ng sagot bago **mag Lunes, ika-10 ng Hulyo 2023**.
- Kung mayroon kayong hindi maunawaan sa aming mga katanungan at survey, maaari po kayong magtanong sa impormasyong nakasaad sa baba:

Makipag-ugnayan sa:
Hiroshima Prefecture Children's Future Support Division (9:00 - 17:00 maliban sa Sabado, Linggo at pambansang holiday)
telepono: 082-513-3171　　FAX：082-502-3674
e-mail: fukodomo@pref.hiroshima.lg.jp



**Tanong 1** Alin sa mga sumusunod ang iyong kasarian. (Bilugan ang isang sagot)

1 Lalaki
2 Babae
3 atbp. / Ayaw sagutin

**Tanong 2** Paano ka nag-aaral pagkatapos ng regular na klase sa paaralan?

* "Ang paggawa ng takdang-aralin ay kasama sa mga gawain pagkatapos ng regular na klase sa paaralan". (Para sa 1 hanggang 8, bilugan ang lahat ng naaangkop)

1 Nag-aral nang mag-isa
2 Nag-aral sa isang cram school
3 Dumalo sa mga suplemental na leksyon sa paaralan
4 Tumatanggap ng tulong pag-aaral mula sa isang pribadong guro/tutor
5 Lumalahok sa mga libreng pag-aaral na inorganisa ng mga residente ng komunidad
6 Tumatanggap ng tulong pag-aaral mula sa mga miyembro ng pamilya
7 Nag-aral kasama ang mga kaibigan
8 atbp.
9 Hindi nag-aaral pagkatapos ng regular na klase sa paaralan

**Tanong 3** Ilang oras karaniwan kang naglalaan ng panahon para sa pag-aaral pagkatapos ng regular na klase sa paaralan bawat araw? *Kasama na dito ang oras na ginugugol sa takdang-aralin at pag-aaral sa cram school, at iba pa. (Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula “a” hanggang “b”)

| | Wala talaga | Kulang sa 30 minuto | 30 minuto o higit pa, ngunit kulang sa 1 oras | 1 oras o higit pa, ngunit kulang sa 2 oras | 2 oras o higit pa, ngunit kulang sa 3 oras | 3 oras o higit pa |
|---|---|---|---|---|---|---|
| a) School Days (Lunes hanggang Biyernes) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| b) Non-School Days (Sabado, Linggo, at mga pampublikong holiday) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |

**Tanong 4** Ibigay ang personal na pagsusuri sa iyong academic performance kumpara sa mga kaklase mo? (Bilugan ang isang sagot)

1 Mas mataas kaysa sa karaniwan
2 Medyo mas mataas kaysa sa karaniwan
3 Karaniwan
4 Medyo mas mababa kaysa sa karaniwan
5 Mas mababa kaysa sa karaniwan
6 Hindi ko alam

**Tanong 5** Nauunawaan mo ba ang mga aralin sa paaralan?

(Bilugan ang isang sagot)

1 Palaging nauunawaan
2 Halos nauunawaan

➡ **Pumunta sa Tanong 7.**

3 Minsan hindi nauunawaan depende sa paksa
4 Madalas hindi nauunawaan
5 Halos hindi nauunawaan

**Tanong 6** Kapag pinili mo ang mga sumusunod na sagot "3 Minsan hindi nauunawaan depende sa paksa", "4 Madalas hindi nauunawaan", at "5 Halos hindi nauunawaan" sa naunang tanong, sa anong baitang nagsimula ang nasabing problema sa pag-unawa sa mga aralin sa paaralan?

(Bilugan ang isang sagot)

1 Noong unang baitang o pangalawang baitang sa elementarya

2 Noong ikatlong baiting o ika-apat na baitang sa elementarya

3 Noong ika-lima baiting o ika-anim na baitang sa elementarya

4 Noong unang baitang sa junior high school

5 Pagkatapos kong pumasok sa pangalawang baitang sa junior high school

**Tanong 7** Sa hinaharap, saang paaralan mo nais pumasok para sa pagpapatuloy ng iyong pag-aaral? (Bilugan ang isang sagot)

1 Junior high school
2 Junior high school, High school
3 Junior high school, High school, Technical college
4 Junior high school, 5 taong teknikal na kolehiyo
5 Junior high school, High school, Junior college
6 Junior high school, High school (o 5 taong teknikal na kolehiyo), University
7 Junior high school, High school (o 5 taong teknikal na kolehiyo), University, Graduate school
8 atbp.

9 Hindi pa sigurado ➡ **Pumunta sa Tanong 9.**

**Tanong 8** Kung napili mo ang 1-8 sa nakaraang tanong, ano ang dahilan?

(Para sa 1 hanggang 8, bilugan ang lahat ng naaangkop)

1 Dahil sa pagnanais na sundan ang isang partikular na paaralan o propesyon sa hinaharap
2 Dahil sa nakaraang academic performance
3 Dahil sa kagustuhan ng aking magulang
4 Dahil sa mga kapatid kong nag-aral din dito
5 Dahil sa mga nakatatandang kasama o mga kaibigan na nag-aral din dito
6 Dahil sa mga pinansyal suliranin sa tahanan
7 Dahil sa pangangailangang magtrabaho ng mas maaga
8 atbp.
9 Walang partikular

**Tanong 9** Sumasali ka ba sa mga lokal na sports club, cultural club, o mga aktibidad sa school club?

(Bilugan ang isang sagot)

| | |
|---|---|
| 1 | Oo, nakikilahok ako ➡ **Pumunta sa Tanong11.** |
| 2 | Hindi, hindi ako nakikilahok |

**Tanong 10** Kung pinili mo ang "2 Hindi, hindi ako nakikilahok" sa nakaraang tanong, ano ang dahilan? (Bilugan ang lahat ng naaangkop)

| | |
|---|---|
| 1 | Dahil wala akong makuhang kahit anong interesanteng club |
| 2 | Dahil sa busy na schedule sa cram school o extracurricular lessons |
| 3 | Dahil sa gastusin |
| 4 | Dahil sa mga kaganapan sa pamilya (pag-aalaga ng pamilya, mga gawaing bahay, atbp.) |
| 5 | Dahil walang mga kaibigan na nakikilahok |
| 6 | atbp. |

**Tanong 11** Gaano kadalas kang kumakain sa isang linggo?

(Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula “a” hanggang “c”)

| | Araw-araw (7 araw sa isang linggo) | 5-6 araw sa isang linggo | 3-4 araw sa isang linggo | 1-2 araw sa isang linggo/ Halos hindi kailanman |
|---|---|---|---|---|
| a) Almusal | 1 | 2 | 3 | 4 |
| b) Hapunan | 1 | 2 | 3 | 4 |
| c) Tanghalian tuwing mga panahon tulad ng summer vacation o winter vacation | 1 | 2 | 3 | 4 |

**Tanong 12** Karaniwan ka bang natutulog sa parehong oras mula Lunes hanggang Biyernes?

(Bilugan ang isang sagot)

1 Oo
2 Madalas
3 Hindi madalas
4 Hindi

**Tanong 13** Sino sa palagay mo ang maaaring mong puntahan at kausapin kapag may mga problema o mga alalahanin? (Para sa 1 hanggang 9, bilugan ang lahat ng naaangkop)

1 Magulang
2 Mga kapatid
3 Mga lolo at lola
4 Mga guro sa eskwela
5 Mga kaibigan sa eskwela
6 Mga kaibigan sa labas ng eskwela
7 Mga tagapayo sa eskwela, mga social worker sa paaralan, atbp.
8 Iba pang mga matatanda (mga guro sa cram school o extracurricular activities, mga tao sa komunidad, atbp.)
9 Mga taong nakilala ko online
10 Hindi ako kokonsulta sa sinuman, ayaw kong makipag-usap sa sinuman

**Tanong 14** Sa pangkalahatan, gaano ka kakuntento sa buhay mo ngayon? Mangyaring sagutin gamit ang isang numero mula sa "0" (Hindi talaga kuntento) hanggang "10" (Ganap na kuntento).

(Bilugan ang isang sagot)

| 0: Hindi talaga kuntento | | | | | ⟷ | | | | | 10: Ganap na kuntento |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 0 | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |

**Tanong 15** Para sa bawat isa sa mga sumusunod na tanong, mangyaring piliin ang "1 Hindi naaangkop," "2 Medyo naaangkop," o "3 Naaangkop". Kahit na hindi ka kumpiyansa sa iyong mga sagot o makakita ng tanong na walang kaugnayan, mangyaring sagutin ang lahat ng tanong batay sa iyong mga karanasan sa nakalipas na anim na buwan.

(Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula "a" hanggang "o")

| | Hindi naaangkop | Medyo naaangkop | Naaangkop |
|---|---|---|---|
| a) Sinisikap kong maging mabait sa iba, at madalas iniisip ko ang kanilang nararamdaman | 1 | 2 | 3 |
| b) Madalas akong nagkakaroon ng sakit ng ulo, sakit ng tiyan, o pakiramdam ng hindi kagalingan | 1 | 2 | 3 |
| c) Madalas kong ibinabahagi ang mga bagay (pagkain, laro, panulat, atbp.) sa ibang mga bata | 1 | 2 | 3 |
| d) Karaniwan akong nag-iisa at naglalaro nang mag-isa o iniiwasan ang pakikitungo sa ibang tao | 1 | 2 | 3 |
| e) Madalas akong mag-alala at makaramdam ng kaba | 1 | 2 | 3 |
| f) Handa akong tumulong kapag mayroong nahihirapan, malungkot, o nagdaramdam | 1 | 2 | 3 |
| g) Mayroon akong kahit isang mabuting kaibigan | 1 | 2 | 3 |
| h) Madalas akong nakakaramdam ng pagkalumo, kalungkutan, o pagluha | 1 | 2 | 3 |
| i) Madalas akong nagugustuhan o kinagigiliwan ng mga bata na halos pareho ng aking edad | 1 | 2 | 3 |
| j) Kinakabahan at nawawalan ako ng kumpiyansa sa aking sarili kapag kinakaharap ang mga bagong sitwasyon | 1 | 2 | 3 |
| k) Mabait ako sa mga batang mas bata sa akin | 1 | 2 | 3 |
| l) Naging biktima ako ng pang-aabuso o pang-aasar ng ibang mga bata | 1 | 2 | 3 |
| m) Handa akong mag-alok ng tulong (sa mga magulang, guro, ibang mga bata, atbp.) | 1 | 2 | 3 |
| n) Mas nakakasundo ko ang mga matatanda kaysa sa mga bata | 1 | 2 | 3 |
| o) Madali akong makaramdam ng pagkatakot | 1 | 2 | 3 |

**Tanong 16** Paano nagbago ang buhay mo bago ang pandemya ng COVID-19 (noong ikaw ay nasa ika-apat na baitang sa elementarya) at sa panahon ng pandemya ng COVID-19 (noong ikaw ay nasa ika-limang baitang sa elementarya hanggang sa unang baitang sa junior high school)?

(Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula "a" hanggang "m")

| | Lumaki | Lumiit | Nanatiling pareho |
|---|---|---|---|
| a) Oras na ginugugol sa pag-aaral pagkatapos ng klase sa paaralan | 1 | 2 | 3 |
| b) Kahirapan sa pag-unawa sa mga aralin sa paaralan | 1 | 2 | 3 |
| c) Bilang ng mga pagkakataon na nakikilahok sa mga aktibidad ng community club o school club | 1 | 2 | 3 |
| d) Kadalasang pagliban sa pagkain | 1 | 2 | 3 |
| e) Kadalasang pagpupuyat sa gabi | 1 | 2 | 3 |
| f) Pakikipag-usap sa mga kaibigan o matatanda bukod sa mga magulang | 1 | 2 | 3 |
| g) Pagtingin sa tunay na mga mukha (nang walang suot na maskara) ng mga matatanda at mga kaibigan bukod sa mga magulang | 1 | 2 | 3 |
| h) Pakiramdam ng pagkabigo, pagkabalisa, o kalungkutan | 1 | 2 | 3 |
| i) Bilang ng pagkain sa labas ng aking pamilya | 1 | 2 | 3 |
| j) Bilang ng paglalakbay ng aking pamilya | 1 | 2 | 3 |
| k) Bilang ng pagpunta ka sa mga aktibidad sa labas ng bahay/outdoor activities (kamping, barbecue, panonood ng sports, paliligo sa dagat, atbp.) | 1 | 2 | 3 |
| l) Bilang ng pagbisita sa mga panloob na pasilidad/indoor activities (mga pelikula, aquarium, museo, art gallery, atbp.) | 1 | 2 | 3 |
| m) Oras na ginugol sa bahay kasama ang pamilya | 1 | 2 | 3 |

**Tanong 17** Paano nagbago ang iyong buhay sa panahon ng pandemya ng COVID-19 (noong ikaw ay nasa ika-limang baitang sa elementarya hanggang sa unang baitang sa junior high school) at sa kasalukuyan sa iyong pang-araw-araw na buhay? (Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula "a" hanggang "m")

| | Lumaki | Lumiit | Nanatiling pareho |
|---|---|---|---|
| a) Oras na ginugugol sa pag-aaral pagkatapos ng klase sa paaralan | 1 | 2 | 3 |
| b) Kahirapan sa pag-unawa sa mga aralin sa paaralan | 1 | 2 | 3 |
| c) Bilang ng mga pagkakataon na nakikilahok sa mga aktibidad ng community club o school club | 1 | 2 | 3 |
| d) Kadalasang pagliban sa pagkain | 1 | 2 | 3 |
| e) Kadalasang pagpupuyat sa gabi | 1 | 2 | 3 |
| f) Pakikipag-usap sa mga kaibigan o matatanda bukod sa mga magulang | 1 | 2 | 3 |
| g) Pagtingin sa tunay na mga mukha (nang walang suot na maskara) ng mga matatanda at mga kaibigan bukod sa mga magulang | 1 | 2 | 3 |
| h) Pakiramdam ng pagkabigo, pagkabalisa, o kalungkutan | 1 | 2 | 3 |
| i) Bilang ng pagkain sa labas ng aking pamilya | 1 | 2 | 3 |
| j) Bilang ng paglalakbay ng aking pamilya | 1 | 2 | 3 |
| k) Bilang ng pagpunta ka sa mga aktibidad sa labas ng bahay/outdoor activities (kamping, barbecue, panonood ng sports, paliligo sa dagat, atbp.) | 1 | 2 | 3 |
| l) Bilang ng pagbisita sa mga panloob na pasilidad/indoor activities (mga pelikula, aquarium, museo, art gallery, atbp.) | 1 | 2 | 3 |
| m) Oras na ginugol sa bahay kasama ang pamilya | 1 | 2 | 3 |

**Tanong 18** Mayroon ka bang naranasan sa mga sumusunod na pangyayari mula sa "a" hanggang "h"? **<u>Mangyaring piliin ang lahat na naaangkop para sayo</u>**.
(Piliin at bilugan mula 0 hanggang 8 base sa kung ilang sitwasyong ang naaangkop para sayo.)

a Madalas na iniinsulto, minumura, inaapi, o pinapahiya ng mga matatandang kasama sa bahay o kaya'y nakakaramdam ng panganib na kanilang sasaktan.

b Madalas na sinusunggaban, pinapalo, binabato ng mga bagay o naranasan ang pisikal na saktan kahit isang beses man lang ng matandang kasama sa bahay na muntik ng magdulot ng pinsala sa aking buhay tulad ng pagkasugat.

c Naramdamang hindi ako mahal, pinapahalagahan, at binibigyan ng suporta ng aking pamilya

d Hindi ako nabibigyan ng sapat na pagkain o damit, at nararamdaman kong walang taong promoprotekta saakin.

e Naranasan kong mabuhay ng magkahiwalay ang aking magulang o divorce kahit isang beses lamang.

f Madalas na maranasan ng isang miyembro ng aking pamilya kung saan ako nakatira na matulak, sunggaban, sipain o suntukin ng paulit-ulit ng ibang tao o kaya'y pagbantaan gamit ang patalim kahit isang beses man lang.

g Isa sa mga kasamahan ko sa bahay ay nawalan ng kontrol sa kanyang sarili dahil sa paggamit ng droga o pag-inum ng alak, o kaya'y ang kanyang pagkalulong sa droga o alak ay nagdulot ng pagkakasira ng kanyang relasyon sa ibang tao.

h May kasama ako sa bahay na nakakaranas ng depresyon, may sakit sa isipan o kaya'y nagtatangkang magpakamatay.

| | |
|---|---|
| 0 | Wala sa nabanggit（0） |
| 1 | 1 |
| 2 | 2 |
| 3 | 3 |
| 4 | 4 |
| 5 | 5 |
| 6 | 6 |
| 7 | 7 |
| 8 | Lahat ng nabanggit（8） |

*Kung nakakaramdam ka ng pagkabalisa dahil sa mga sitwasyong nabanggit sa itaas, mangyaring makipag-ugnayan at huwag mahiyang humingi ng kaukulang tulong. Maaari kang kumunsulta sa mga tagapayo ng iyong paaralan o makipag-ugnayan sa mga sumusunod ahensya:

●LINE Account "Kokoro no Line Sodan @ Hiroshima-ken" ●Young Telephone Hiroshima (082-228-3993)

●"Childline" (0120-99-7777) ●24-hour Children's SOS Dial (0120-0-78310)

**Tanong 19** Nakagamit ka na ba ng mga sumusunod na lugar o pasilidad, tulad ng inilarawan sa mga opsyon sa a) hanggang d)? Kung hindi mo pa ito nagagamit, interesado ka bang gamitin ito sa hinaharap?

(Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula "a" hanggang "d")

| | Nakagamit na | Hindi pa nagagamit | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Gusto kong gamitin kung ito ay bakante | Walang balak gamitin sa hinaharap | Hindi tiyak kung gusto kong gamitin sa hinaharap |
| a) (Maliban sa sariling tahanan at tahanan ng mga kaibigan) Mga pasilidad kung saan maaaring magpalipas ng oras ang mga bata tuwing mga gabi ng linggo o mga bakasyon (halimbawa, mga pasilidad para sa pag-aaral, gaya ng mga sentro ng komunidad o mga silid-aklatan) | 1 | 2 | 3 | 4 |
| b) (Maliban sa sariling tahanan at tahanan ng mga kaibigan) Mga lugar kung saan maaaring kumain ng hapunan ang mga bata ng libre o sa mababang presyo (halimbawa, mga children's cafeteria) | 1 | 2 | 3 | 4 |
| c) Mga lugar kung saan maaaring makatanggap ng libreng suporta sa pag-aaral ang mga bata | 1 | 2 | 3 | 4 |
| d) (Maliban sa sariling tahanan at paaralan) Mga lugar kung saan maaaring humingi ng payo o konsultasyon ang mga bata sa anumang bagay (kabilang ang mga telepono at internet na konsultasyon) | 1 | 2 | 3 | 4 |

**Tanong 20** Para sa mga sumagot ng "1 Nakagamit na" sa alinman sa mga naunang tanong (a-d), naranasan mo ba ang alinman sa mga sumusunod na pagbabago bilang resulta nito?

(Para sa 1 hanggang 8, bilugan ang lahat ng naaangkop)

1 Lumalaking bilang ng mga kaibigan
2 Lumalaking bilang ng mga matatandang madaling kausapin
3 Lumalaking kasiyahan sa pang-araw-araw na buhay
4 Lumalaking mga sandaling nagbibigay-ginhawa
5 Lumalaking access sa masustansyang mga pagkain
6 Bumubuting pag-unawa sa mga pinag-aaralan
7 Lumalaking oras ng pag-aaral
8 atbp.
9 Walang pagbabago

**Tanong 21** Narinig mo na ba ang terminong "Young Carer"? (Bilugan ang isang sagot)

*Ang terminong "Young Carer" ay tumutukoy sa isang bata na wala pang 18 taong gulang na pinaniniwalaang hindi napapangalagaan ang kanilang mga karapatan dahil sa iba't ibang pagganap sa mga gawain tulad ng mga gawaing bahay at pag-aalaga sa mga miyembro ng pamilya, na pumipigil sa kanila upang gawin ang mga bagay na nais nilang gawin.

1 Oo, narinig ko na ito at alam ko ang kahulugan nito
2 Oo, narinig ko na ito, ngunit hindi ako pamilyar sa kahulugan nito
3 Hindi, hindi ko pa narinig ang tungkol dito

**Tanong 22** Masasabi mo bang ikaw ay nilalarawan ng isang "Young Carer"?

(Bilugan ang isang sagot)

1 Oo, ako nga
2 Hindi, hindi ako
3 Hindi ako sigurado

**Tanong 23** Nagbibigay ka ba ng pangangalaga* sa isang miyembro ng iyong pamilya? Kung gayon, sino ang iyong inaalagaan?

(Para sa 2 hanggang 7, bilugan ang lahat ng naaangkop)

*Sa tanong na ito ang, "pangangalaga" ay tumutukoy sa mga gawaing bahay at pangangalaga sa pamilya na karaniwang ginagawa ng isang adulto.

1 Hindi ako nagbibigay ng pangangalaga sa sinuman
2 Nagbibigay ako ng pangangalaga sa aking ina
3 Nagbibigay ako ng pangangalaga sa aking ama
4 Nagbibigay ako ng pangangalaga sa aking lola
5 Nagbibigay ako ng pangangalaga sa aking lolo
6 Nagbibigay ako ng pangangalaga sa aking mga kapatid
7 Nagbibigay ako ng pangangalaga sa ibang miyembro ng pamilya

**Tanong 24** Anong mga bagay ang gusto niyong bigyan ng diin at pansin para sa mga kabataan ng Hiroshima Prefecture. (Mangyaring pumili at bilugan ang tatlong pinakamahalagang sagot sa mga pagpipilian mula numero 1 hanggang 10. Ngunit isa lang dapat ang kasagutan kapag pinili mo ang numero 11. )

1. Pagsasaayos ng edukasyon at pangangalaga para sa mga bata mula 0 taong gulang hanggang sa pagpasok nila sa elementarya.
   Halimbawa • Dekalidad na edukasyon sa kindergarten, nursery school, sertipikadong child day care center, at iba pa.
2. Pagbibigay ng sapat na kaalaman sa mga mag-aaral ng elementarya, junior high school, at high school upang sila ay maging aktibo at produktibong miyembro ng lipunan sa hinaharap.
   Halimbawa: • Pagkakaroon ng matibay na pundasyon sa pag-aaral.
   • Bukod sa pag-aaral, mabigyan ng pagkakataon upang mapalawak ang kakayahang ipahayag ang sarili, mag-isip na kritikal at mapabuti ang kakayahan sa pakikipagtalastasan.
3. Pagpapabuti ng suporta sa mga pamilyang nagpapalaki ng anak simula sa kanilang pagbubuntis.
   Halimbawa: • Pagbibigay ng accessible consultation services sa mga nagbubuntis at mga usapin patungkol sa pag-aalaga ng bata.
   • Pagpapabuti ng mga serbisyong medical tulad ng Obstetrician, Gynecologist, Pediatrician at iba pa.
4. Pagpapabuti ng mga ligtas na lugar/pasilidad maliban sa bahay at paaralan kung saan ang mga bata ay may seguridad na makapaglaro at makapaglibang.
   Halimbawa: • Pagpapalawak ng mga nursery o daycare centers, after school clubs at iba pa.
5. Pagbibigay ng maayos na working environment upang ang mga magulang ay mabigyan ng pagkakataong pagsabayin ang kanilang trabaho at responsibilidad bilang mga magulang.
   Halimbawa: • Pagbibigay ng parental leave at childcare holidays.
   • Pagbibigay ng pagkakataong magtrabaho mula sa bahay o iba pang paraan para mas produktibong magamit ang oras.
6. Pagtiyak at pagpapanatili ng child-friendly, ligtas at mapayapang kapaligiran para sa pagpapalaki ng bata.
   Halimbawa: • Pagpapalawak ng mga pasilidad at mga tindahan na madaling puntahan ng mga magulang na may kasamang bata at pagpapalawak ng mga nursing room at mga libreng serbisyo para sa mga bata.
   • Mga pasilidad na barrier-free sa mga parke at mga pampublikong transportasyon (Para malayang makagalaw ang mga bata at ang ibang tao).
   • Pagtuturo sa mga bata tungkol sa sakuna, pag-iwas sa krimen, traffic safety rules at iba pa.
7. Pag-iwas sa pang-aabuso sa bata Pang-aabusong pisikal, pang-aabusong berbal, kapabayaan sa bata at iba pa.)
8. Pagtulong sa mga bata na hiwalay na nakatira sa kanilang pamilya.
   Halimbawa: • Pagtanggap sa pasilidad at pagsuporta sa mga bata na maging independe kung aalis na sa pasilidad.
   • Pagpapadami ng mga foster parents at mga pamilyang handang mag-aruga sa mga batang walang magulang. (Ang bawat foster parents ay maaaring mag-aruga ng 5-6 na mga bata.)
9. Pagsuporta sa mga anak ng single parent at sa kanilang pamilya
   Halimbawa: •Pagtulong sa paghahanap ng trabaho ng magulang, pag-aalaga ng mga bata, pag-aasikaso sa pinansyal na suporta para sa mga pangangailangan ng bata/yoiku-hi at usapin ng pagbisita.
10. Pagsuporta sa batang may kapansanan at sa kanilang pamilya.
   Halimbawa : • Pagbibigay ng medikal at welfare services na naaayon sa uri at antas ng kapansanan ng bata.
   • Pagbibigay ng serbisyong pang-edukasyon at pagsasaayos ng mga pasilidad para sa pagkatuto ng mga bata upang maging handa sa mga hamon ng lipunan pagkatapos ng kanilang pag-aaral.

11 Hindi ko alam

**Tanong 25** Kung pinili mo ang 1-10 sa nakaraang tanong, mangyaring isulat ang kaukulang mga dahilan. Kung wala kang partikular na dahilan, hindi na kailangang banggitin.

| Piniling numero | Mga Dahilan (Malayang tukuyin) |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

Tapos na po ang mga katanungan.

Maraming Salamat po sa inyong kooperasyon.